

VN

**VALENZUELA
NGAYON**

Ang Magasin ng Makabagong Valenzuelano

LIBRE
March 2016

SPECIAL
FIRST TERM REPORT
ISSUE

Tuloy-tuloy ang **Asenso**





Ating Mga Pangarap



Malaki ang ating inabante bilang isang lungsod nitong nakaraang tatlong taon. Ito'y dahil magkatugma ang ating mga layunin. Magkaisa ang ating mga pangarap.

Hindi ko na kinailangang hikayatin kayo para sabayan ako sa pagtulak ng ikauunlad ng ating pamayanan. Kusa kayong sumuporta sa mga programa ng pamahalaan ng lungsod. Para dito, ako po'y taos pusong nagpapasalamat. Malaki ang ating hinakbang nang dahil sa inyong tulong.

Kapwa tayong patuloy na nangangarap para sa Valenzuela. At hangad kong matupad ang inyong mga mithiin. Sa dakong ito, ipahintulot niyong ibahagi ko ang tatlo sa aking mga personal na panaginip para sa ating mahal na lungsod.

Una, ngayong naiangat na natin ang kalidad ng edukasyon mula daycare at elementary

hanggang high school, nais kong pag-ukulan ng pansin ang ating mga kabataan sa kolehiyo. Pangarap kong gawing pinaka-modernong campus ang Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela—lalo na sa larangan ng engineering sciences. Sa ganitong paraan, magiging buong-buo ang pagtataas-noo ng bawat Valenzuelanong dumaan sa ating public school system.

Ikalawa, nais kong kumpletuhin din ang paghahatid ng alagang “first-class” sa lahat ng pamayanan sa lungsod. Nasaksihan natin ang paglaganap ng mga modelo nating barangay health stations at iba pang modernong pasilidad. Pati ang Emergency Hospital natin sa Dalandanan ay maipagmamalaki nating lahat. Para naman makaabot din ang ganitong kalidad ng health care sa malalayong pamayanan, pangarap kong makapagpatayo ng isa pang emergency hospital sa silangang bahagi ng MacArthur Highway.

Ikatlo, pangarap kong mailikas, sa wakas, ang higit na 3,000 pamilyang patuloy na naninirahan sa mga tabing-ilog at sapa. Ang layunin ay mailipat ang mga pamilyang ito sa Disiplina Village - Bignay bago matapos ang 2016. Pag natupad ito, bukod-tanging Valenzuela lamang ang mababansagang zero-informal settlers sa mga peligosong lugar na ganito. Laking ginhawa nito sa ating lahat, dahil di na tayo kailangang gumising sa gitna ng gabi tuwing bumubuhos ang ulan, upang sumaklolo sa mga kababayan nating nasa panganib.

Tatlong taong nagdaan. Tatlong pangarap sa kinabukasan.

Tuloy-tuloy po ang asenso!

Edukasyon

De-kalidad na
Public Education
para sa lahat!



Ang Valenzuela School of Mathematics and Science:
"crown jewel" sa hanay ng mga paaralan sa lungsod.



Malaki ang taya ng Valenzuela sa kabataan.
Mahigit isang bilyong piso ang ginugol ng
pamahalaan upang magpatayo at palawakin
ang mga school campus. Bukod dito, sari-saring
hakbang ang ginawa upang mabigyan ang lahat ng
mga mag-aaral ng de-kalidad na edukasyon.

Mga Bagong Elementary at High Schools



Mga Pinalawak at Isinaayos na Paaralan



Antonio Serapio Elementary School

Barangay Ugong/Gen. T. de Leon
3 palapag, 30 silid-aralan
Binuksan: Nobyembre 2014



Malinta National High School

Barangay Malinta
4 na palapag, 16 na silid-aralan
Binuksan: Hulyo 2014
2016: +4 na palapag, 16 na silid-aralan




Apolonia Rafael Elementary School

Barangay Mapulang Lupa
3 palapag, 9 na silid-aralan
Binuksan: Setyembre 2014
2016: +4 na palapag, 9 na silid-aralan

Mga Pinatayo, Pinalaki at Pinagandang Paaralan

Bagong Campus	Bagong Silid-Aralan
11	304
Pondong Ginugol	
₱1.3 Bilyon	



Coloong Elementary School

Barangay Coloong
1 palapag, 7 silid-aralan



Mandalay National High School

Barangay Mandalay
3 palapag, 18 silid-aralan
Binuksan: Pebrero 2015
2016: +1 palapag, 6 na silid-aralan



Paso de Blas National High School

Barangay Paso de Blas
2 palapag, 6 na silid-aralan
Binuksan: Setyembre 2015
2016: +4 na palapag, 4 na silid-aralan



Santos Encarnacion Elementary School

Barangay Dalandanan
4 na palapag, 13 silid-aralan
Binuksan: Hunyo 2015



Sitero Francisco Memorial National High School

Barangay Ugong
3 palapag, 8 silid-aralan
Binuksan: Agosto 2014



Hindi Siksikan sa Valenzuela Classrooms

7m x 9m
Estandardisadong sukat ng isang silid-aralan

42
Lamang ang Valenzuela sa national standard na 45 elementary school students per classroom

OPENING 2016
Itinatayo Na!



Eliezer Delos Santos High School Barangay Ugong
Nasimulan: 2 palapag, 4 silid-aralan
2016: 4 na palapag, 32 silid-aralan



Lingunan High School Barangay Lingunan
4 na palapag, 12 silid-aralan
2016: +4 na palapag, 14 na silid-aralan



Disiplina Village Elementary School
Barangay Bignay
3 palapag 14 na silid-aralan



Disiplina Village High School Barangay Bignay
4 na palapag, 12 silid-aralan




Arkong Bato High School Barangay Arkong Bato
4 na palapag, 15 silid-aralan



Veinte Reales National High School
Barangay Veinte Reales
Nasimulan: 3 palapag, 8 silid-aralan
2016: +4 na palapag, 15 silid-aralan

E D U K A S Y O N

Pasilidad at Pagtuturong Naangkop sa mga Kakaibang Talino



Valenzuela City School of Mathematics & Science

Barangay Malinta:
3 palapag, 24 na silid-aralan

- Para sa mga mag-aaral na may kakaibang kakayahan sa agham, teknolohiya, engineering at math
- Modernong kagamitan
- May **₱5 Milyong** suporta mula sa city government

Sa Valenzuela, Walang Maiiwan sa Pag-aaral



Valenzuela Special Education (SPED) Center

Barangay Malinta
3 palapag, 14 na silid-aralan
Binuksan: Enero 2016

- Para sa mga “children with special needs”
- Mga guro dito ay may angkop na training upang mahasa ang mga talento ng mga bata at matugunan ang kakaiba nilang mga pangangailangan



GROUND FLOOR

VALENZUELA SPED CENTER

ALLIED MEDICAL SERVICES
OCCUPATIONAL THERAPY ROOM
SENSORY INTEGRATION ROOM
ASSESSMENT ROOM
PHYSICAL THERAPY ROOM
RESTO-CAFE

2 SECOND FLOOR

SPEECH LANGUAGE THERAPY ROOM
EARLY INTERVENTION
RESOURCE ROOM
FACULTY
COMPUTER LABORATORY



Alternative Learning System Center



Barangay Parada
2 palapag, 10 silid-aralan
Binuksan: Hulyo 2014

- Nagbibigay ng ladderized non-formal education program para sa mga huminto sa pag-aaral
- May computer lab na may 50 computers
- Sa pamamagitan ng virtual campus, makakasabay ang mga ALS learner sa aralin kahit nagtatrabaho.



Bukod sa mga Dr. Pio Valenzuela scholars, ang ibang mga kabataang nangangailangan, tulad ng mga nasalanta o na-ulila dahil sa kalamidad, ay tinulungan din ng pamahalaang makapagpatuloy ng pag-aaral.



Ang lungsod ay sagana sa mga matatalinong mag-aaral na taun-taong nagsusumikap makakuha ng Dr. Pio Valenzuela scholarship.

Mga Dr. Pio Valenzuela Scholars

2013	2014	2015	Total
497	761	743	
₱12.5 Milyon	₱21.5 Milyon	₱22.3 Milyon	₱56.3 Milyon

Lahat ng balakid sa pag-aaral – tinanggal!


Ang Education 360° Investment Program ay kinalala ng Galing Pook Foundation at ng Department of the Interior and Local Government noong 2014 bilang isa sa pinakamahusay na programa sa lokal na pamamahala. Dahil ito sa masusing pagtalakay ng pamahalaang lungsod ng lahat ng aspekto ng sistema ng edukasyon. Nakalahok ang mga magulang, community volunteers at ibang sektor upang matulungan ang mga guro't paaralan sa pagpapayaman ng kaisipan ng mga batang Valenzuelano.



Nanay-Teacher Parenting Camp

Bilang ng mga Magulang na nakiisa sa programa

55,083



Bahagdan ng mga Magulang na Lumahok sa mga Parenting Seminar at Naging Aktibo sa mga School Activities

97%

Mga Napanalunan ng 39 Elementary Schools dahil sa Aktibong PTA

Bilang

LED TV		300
LAPTOP		201
LCD PROJECTOR		100
AIRCON		36

Mga Dating Underweight na Batang Naging Normal ang Timbang (2015)



90.5%



93.8%



97.2%

Mga Dating Underweight na Batang Nakapasa sa Klase (2015)



70.4%

Mga Dating Underweight na Batang Tumaas ang Grado sa Klase (2015)



96.7%
Gumaling sa Pagbabasa
pagkatapos ng Reading Camp
(2014 at 2015)



Maagang natuklasang maraming mga mag-aaral na hirap sa pagbabasa at, dahil dito'y, hirap ding makasabay sa klase. Noong 2014 at 2015, nagsanay nang husto ang 1,148 elementary school teachers at 1,144 na teaching aide mula sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela upang maramedjohan ang sitwasyon. Pagkatapos ang dalawang Summer Reading Camp, halos 97% ng lumahok na non-readers at "frustrated readers" ay gumaling sa pagbabasa. Kaunti na lamang ang di marunong magbasa.

Libreng Kagamitan Pampaaralan

Bilang ng mga Mag-aaral na Nabigyan ng Workbooks at School Supplies

2014

2015

77,283 | **84,600**



Summer Reading Camp

Lumahok na "Frustrated Readers" at "Non-Readers"	2014	2015
Kabuuang Bilang	18,299	15,935



Teaching Camp

Kabuuang Bilang ng Lumahok Mga Guro

Teaching Aides

2014

2015

579 | **569**
557 | **587**

Kalusugan

**Modernong Pasilidad
+ Sapat na mga
Propesyonal + Libreng
Basic na Gamot
= Alagang 1st Class!**

Tanging Valenzuela City lang ang mga may barangay health stations na pasado sa pamantayan ng World Health Organization (WHO)




KABATUHAN I HEALTH STATION



Ang bawat Valenzuelano ay may karapatang manatiling malusog. Tanging sa Valenzuela lamang may mga barangay health stations na pasado sa pamantayan ng World Health Organization at Department of Health. Bukod dito, sagana ang lungsod sa ibang mga pasilidad at kasangkapan, mga trained health professionals, at libreng basic na gamot. Kaya nga masasabing iba talaga ang Alagang Valenzuelano!

Todo ang Taya sa Health Care



Sakop ng PhilHealth Pinalawak

	2013	2014	2015	Total
Bilang ng mga Valenzuelano na Nabigyan ng PhilHealth Card	7,500	6,968	9,063	23,531
Mga Sakop sa Ilalim ng NHTS-PR*	24,015	32,111	36,263	82,389
Total Philhealth Coverage				105,920

*National Household Targeting System for Poverty Reduction

Sapat na Health Professionals

👤 = 1,000 tao

	Valenzuela		Pambansang Target (2016)*
1 Duktur kada:	15,352	VS	20,000
1 Nurse kada:	11,656	VS	20,000
1 Midwife kada:	4,528	VS	5,000
1 Dentista kada:	20,981	VS	20,000

*Ang target ng DOH ay para magkaroon ng sapat na propesyonal upang maasikaso ang kalusugan ng mga Pilipino. Hindi dapat hihigit sa 20,000 katao ang aalagaan ng isang duktur, halimbawa, sa isang lugar. Maliban sa bilang ng dentista, nalampasan ng Valenzuela ang lahat ng mga DOH target.



Barangay Health Stations na pasado sa WHO-DOH standards **38**

Mga Pasilidad

- Nakakubling Silid Gamutan
- Silid para sa mga Gagamutin sa TB
- Silid para sa mga Buntis at Sanggol
- Admission Area
- Midwife Station
- Pantry
- Porch

**Sa kabuuang bilang na 47 Batangay Health Stations sa Valenzuela City, 38 nito ay pasado sa pamantayan ng World Health Organization (WHO). Natatangi ito sa buong Pilipinas*



KALUSUGAN



Sagana sa mga Pasilidad at Health Professionals




Iba pang Pasilidad Pang Kalusugan

Mobile Medical & Dental Clinic	₱4.0 Milyon
Mobile Dental & Women's Wellness Clinic	₱2.2 Milyon
2 Mobile Diagnostic Clinics	₱1.9 Milyon
Mobile Botika	₱ 325,000



Serbisyo: Mula Sinapupunan hanggang Himlayan



Mas Alaga ang Valenzuelano!

Pamantayang Pang-kalusugan	PILIPINAS ¹	VALENZUELA ²
Maternal Mortality Rate ³ (per 100,000 live births)	114.0	52.14
Infant Mortality Rate ⁴ (per 1,000 live births)	12.6	2.35



¹ Ayon sa World Health Organization (2015)

² Ayon sa Department of Health (2015)

³ Ang Maternal Mortality Rate (MMR) ay ang bilang ng mga inang namamatay sa bawat 100,000 na buhay na panganganak.

⁴ Ang Infant Mortality Rate ay ang bilang ng mga sanggol na namamatay sa bawat 1,000 na buhay na panganganak.

Ang Numbeo ay isang online database na humahango at maingat na nagsasala ng mga datos mula sa mga bumibisita sa website nito upang maghambing ng impormasyon hinggil sa "cost of living" sa iba't ibang bansa at lungsod. Kabilang sa sinusukat at pinaghahambing ay ang kalidad ng serbisyong pang-kalusugan. Ito'y ginagawa sa pamamagitan ng mga siyentipikong surveys.

Ang Health Care Index ay sukat na kabuuang kalidad ng health care system, mga health professionals, equipment at iba pa. Ang datos noong 2016 ay naghahambing ng 182 lungsod sa buong mundo.

Valenzuela—isa sa mga natatangi sa health care sa mundo, ayon sa Numbeo

Kabuuang bilang ng lungsod na pinaghambing: 182

Rank	City	Health Care Index (2016)
1	Glasgow, United Kingdom	89.81
2	Medellin, Colombia	87.02
3	Taipei, Taiwan	86.29
4	Chiang Mai, Thailand	85.70
5	Izmir, Turkey	84.03
6	Munich, Germany	83.58
7	Denver, CO, United States	83.48
8	Canberra, Australia	83.30
9	Bergen, Norway	82.53
10	Bangkok, Thailand	82.25
11	Seoul, South Korea	81.54
12	Trondheim, Norway	81.36
13	Brisbane, Australia	79.53
14	Colombo, Sri Lanka	79.44
15	Valenzuela, Philippines	79.04
16	Boston, MA, United States	79.02
17	Vienna, Austria	78.80
18	Bursa, Turkey	78.78
19	Guadalajara, Mexico	78.72
20	Hamilton, Canada	78.23
21	Islamabad, Pakistan	78.18
22	Edinburgh, United Kingdom	77.73
23	Tokyo, Japan	77.73
24	Melbourne, Australia	77.58
25	Copenhagen, Denmark	77.34

Tulong sa mga Namatayan 2013-15

Bilang ng mga Pamilyang Tumanggap ng Burial Assistance	7,547
Halaga ng Tulong sa Namatayan	₱34.1 Milyon
Pondong Ginugol para sa Maysan Public Cemetery	₱41.3 Milyon



Disiplina Village

Dignidad sa Pabahay,
Pamayanang Marangal
para sa Pinaka-
Nangangailangan

Ang Disiplina Village - Bignay ay binubuo upang ang mga nalalabing Valenzuelano sa mga tabing-ilog at sapa ay mabigyan ng disente at kaaya-ayang tahananang malayo sa panganib.



Walang Valenzuelanong mabubuhay sa peligro. Yan ang paniniwalang nagbigay-bunga sa Disiplina Village sa Ugong at Bignay—ang pinakamalalaking in-city housing projects sa bansa. Layon ng pamahalaang lungsod na permanenteng ilikas ang 3,852 informal settler families sa mga tabing-ilog at ibang lugar na mapanganib. Susi rito ang pagbibigay ng mga ligtas, disente at kaaya-ayang tahanan na nakapaloob sa pamayanang sagana sa pasilidad at serbisyo.

DV-UGONG



Laki ng Lupang Kinatatayuan

1.9 ektarya

Bilang ng Gusali

30

Bilang ng Kabahayan

890

Ginugol para sa Site Development ng Phase II:

₱10.4 Milyon

**BAGONG BAHAY, BAGONG BUHAY**

Di lamang disenteng tahanan ang makakamit ng 3,852 pamilyang dating naninirahan sa mga peligrosong lugar. Sa Disiplina Village, kumpleto ang mga serbisyo publiko, upang maitaguyod ang kalusugan, edukasyon at iba pang pangangailangan ng mga maninirahan dito. Tutulungan pa ang mga residenteng matuto ng mga bagong paraang pang-hanapbuhay, tulad ng paggawa ng tofu.





Disiplina Village 2

DV-BIGNAY



Laki ng Lupang Kinatatayuan **11 ektarya**

Bilang ng Gusali **113**

Bilang ng Kabahayan **3,200**

Ginugol para sa Panimulang mga Gusali:

₱300 Milyon



Mga Pasilidad sa Disiplina Village-Bignay



3S Center
Day Care Centers
Elementary School
High School
Health Centers
Multi-purpose Hall
Estasyon ng Bumbero
Estasyon ng Pulis
Basketball Courts
Mga Palaruan
Mga Liwasan
Chapel Pang-Burol
Terminal ng Jeep at Tricycle



Ekonomiya

Imprastrukturang

Pampasigla

ng **Industriya**

at Kalakalang Lilikha ng

mga **Trabaho**



Kilo-kilometrong daan ang ginawa at ipinaayos bilang bahagi ng infrastructure program ng pamahalaang lungsod. Ang mga ito'y umakit ng mga negosyanteng nagpalago ng ating mga industriya at kalakalan. Sa dulo nito ay mga trabaho para sa Valenzuelano at mas malaking kitang maigugugol ng pamahalaan sa higit pang imprastruktura at serbisyo na magkapagbibigay ginhawa sa lahat.

Itinayo ng Valenzuela Solar Power, Inc. sa lungsod ang pinakamalaking urban solar farm sa bansa.



Kakaibang ginhawa para sa bawat mamimili





Liwasang mala-Luneta sa ating bakuran



Abante ang Industriya, Asenso ang Taga-Valenzuela



Lumalago ang Negosyo sa Lungsod

	2013	2014	2015
Bilang ng mga Nagrehistrong Negosyo	14,011	15,316	15,548



Valenzuela: #8 sa mga Highly Urbanized Cities sa Pilipinas sa Kainaman sa pamamahalang pang-ekonomiya (Competitive Index* – 2015)

LUNGSOD	KABUUANG ISKOR*
1. Manila	54.962943
2. Makati	54.414684
3. Cebu	51.189429
4. Quezon	51.103103
5. Davao	46.809652
6. Cagayan de Oro	46.714970
7. Parañaque	44.428536
8. Valenzuela	44.377017
9. Caloocan	43.806282
10. Iloilo	43.566461

* Ang "Competitive Index" ay isang paghahambing ng 142 lungsod at 978 bayan (2015). Ito'y taunang isinasagawa ng National Competitive Council, katulong ang 17 Regional Competitive Committees at ang USAID. Ang kabuuang iskor ay suma ng mga puntos ng bawat lungsod/bayan sa tatlong larangan—sigla ng ekonomiya, pagka-episyente ng pamahalaan, at Imprastruktura—sa kategorya nito. <http://www.competitive.org.ph/cmcindex/>



Tumataas ang Kita ng Lungsod			
	2013	2014	2015
Total City Revenues	₱2.2 Bilyon	₱2.5 Bilyon	₱3.1 Bilyon



Hinirang ng Philippine Chamber of Commerce and Industry ang Valenzuela bilang "Most Business-Friendly LGU" noong 2014. Testigo rito ang top business executives, tulad ni SM SuperMalls President Annie Garcia (kausap ni Mayor Rex sa kaliwa).

	2013	2014	2015
Business Permits & Licenses	₱676.3 Milyon	₱775.4 Milyon ↑	₱841.8 Milyon ↑
Real Property Tax	₱321.4 Milyon	₱375.0 Milyon ↑	₱583.5 Milyon ↑
Building Permits	₱89.1 Milyon	₱112.7 Milyon ↑	₱116.5 Milyon ↑



Mga Daan at Drainage na Ipinagawa at Ipinayay				
	2013	2014	2015	Total
Metro ng Daan	8,750.22	6,693.25	7,511.43	22,954.90
Metro ng Drainage	10,644.03	7,565.68	12,529.27	30,738.98
Pondong Ginugol	₱135.1 Milyon	₱129.1 Milyon	₱177.3 Milyon	₱331.5 Milyon

Serbisyo

Kailan man,
Saan man,
Naglilingkod
sa Inyo



Maipagmamalaki ng pamahalaang lungsod ang lawak at antas na serbisyong hinahatid nito sa mga Valenzuelano. Ang bawat sentimo mula sa mga buwis at ibang kita ng gobyerno ay ginamit upang siguruhing malinis, ligtas, maayos at handa sa sakuna o kalamidad ang lungsod. Sakop ng mga serbisyo ang pagtugon sa mga pangangailangan tulad ng trabaho at kabuhayan.



Malinis!



24 WMO Dump Trucks

₱33.75 Milyon



7 Bantay Ilog Motor Boats

₱2.08 Milyon



4 Mini backhoes on Barges

₱2.98 Milyon



Ligtas at Maayos!

100 TMO Motorbikes

₱7.6 Milyon

4 Task Force Disiplina Patrol Cars

₱2.6 Milyon



40 Police Motorcycles

₱5 Milyon

2 Police-on-Wheels (VPOW) Vans

₱300,000



Valenzuela: #3 sa Pinaka-Ligtas na Lungsod sa Southeast Asia

LUNGSOD	CRIME INDEX
1. Singapore, Singapore	16.76
2. Davao, Philippines	18.65
3. Valenzuela, Philippines	29.62
4. Chiang Mai, Thailand	33.34
5. Bandar Seri Begawan, Brunei	36.04
6. Vientiane, Laos	38.09
7. Bangkok, Thailand	38.61
8. Phuket, Thailand	39.01
9. Cebu, Philippines	44.40
10. Phnom Penh, Cambodia	46.48

S E R B I S Y O

Handa sa Emergency!

50 Ambulansya

₱81.29 Milyon

3 Amphibious Rescue
Vehicles

₱81.29 Milyon

4 Fire Trucks

₱9.89 Milyon

2 Mobile Kitchens

₱2 Milyon

1 Mobile Toilet & Shower

₱950,000



Allied Local Emergency
& Evacuation Response Team

ALERT CENTER

Mga Lalamanin:

Disaster Preparedness Building

- City Social Welfare and Development Office
- VC Command and Coordinating Office
- Disaster Preparedness Office, Office of the Mayor
- Public Information Office
- Red Cross Volunteer Center
- Fire Station

Ginugol para sa mga
Panimulang Gusali

**₱156.6
Milyon**

Laki ng Lupain

8,670 sq. m.



3S Centers (Sentro ng Sama-samang Serbisyo) City Hall Inilapit sa Inyo



Mga 3S Centers

Bilang ng mga Nagbukas na
13

Pondong Ginugol
₱286.1 Milyon

Mga 3S Centers na Itinayo Na

1. Bagbaguin 3S Center
2. Bignay 3S Center
3. Karuhatan 3S Center
4. Dalandanan 3S Center
5. Lawang Bato 3S Center
6. Malanday 3S Center
7. Maysan 3S Center
8. Parada 3S Center
9. Polo 3S Center
10. Punturin 3S Center
11. Ugong 3S Center
12. Gen. T. De Leon 3S Center
13. Marulas 3S Center

Mga Serbisyonang Nakalaan Depende sa bawat Barangay

- Barangay Hall
- Barangay Health Station
- Lying-in clinic
- 3S Serbisyo Center
- Daycare center
- Police community precinct
- Rescue satellite station
- Fire substation
- Tricycle terminal
- Rescue satellite station
- Police Community Precinct
- Social Welfare Development Office
- Multi-purpose Hall
- Local Civil Registry
- City Treasurer's Office
- Business Permit and Licensing Office




Trabaho at Kabuhayan para sa Lahat

8 sa 10*

Aplikante **tanggap**
sa trabaho

**Mga gumamit ng ValenzuelaTrabaho.ph*



Paano gamitin ang ValenzuelaTrabaho.gov.ph?



1 I-Click ang "Employer Sign-Up" tab at punan ang mga kinakailangang impormasyon.



2 Hintayin ang verification ng Valenzuela City Hall - Job Generation Office sa loob ng 24 oras.



3 Ngayon, maaari ka nang magpost ng trabaho sa ValenzuelaTrabaho.gov.ph!



Tulong Pangkabuhayan

SEA-K (Self-Employment Assistance—Kaunlaran)

	2013	2014	2015	Total
Bilang ng Nakinabang	44	60	172	276
Halaga	₱128,500	₱166,500	₱615,375	₱910,375

4Ps (Pantawid Pamilyang Pilipino Program)

	2015	Total
Bilang ng Nakinabang	14,213	14,213
Halaga	₱5.0 Milyon	₱5.0 Milyon

DOLE livelihood assistance

	2014	2015	Total
Bilang ng Nakinabang	91	40	131
Halaga	₱373,000	₱240,000	₱613,000

TUPAD (Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged Workers)

	2013	2014	2015	Total
Bilang ng Nakinabang	259	107	140	247
Halaga	₱388,500	₱798,180	₱1.0 Milyon	₱1.8 Milyon



Sama-sama Tayong Mangarap Taas Noo, Valenzuelano!



Disiplina Village-Bignay: panibagong pag-asa para sa mga gipit sa buhay

Dangal, ginhawa at pagkakataong maiangat ang kanilang kabuhayan. **Hangad** nating lahat na makamit ang mga ito ng bawat Valenzuelano. Ito ang **inspirasyon** ng aking mga **pinapangarap** sa mga darating na taon.

Ang paglipat ng mga nalalabing **informal settlers** mula sa mga tabing-ilog patungo sa Disiplina Village-Bignay ay magbibigay **dangal** sa kanilang buhay.

Ang pagtatayo ng **pangalawang emergency hospital** ay magbibigay **ginhawa** sa ating mga kababayan sa silangang bahagi ng siyudad.

Ang pagbukas naman ng **bagong campus** ng **Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela** ang magsisilbing sagisag ng mga bagong pagkakataong ipagkakaloob sa ating mga **kabataan**.



Modernong pasilidad sa Valenzuela City Emergency Hospital

OPENING OCTOBER 2016

Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela

Bilang ng Gusali	3	Bilang ng Silid-Aralan	21
Bilang ng Palapag		Pondong Nakalaan	
• Main Building	5		
• Engineering Building	2		
• School Canteen	2		

₱400 Milyon





Tayo na Valenzuela!

CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA

*MacArthur Highway, Barangay Karuhatan,
Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440*
[632] 352.1000 [632] 292.0211



valenzuela.gov.ph



info@valenzuela.gov.ph



Valenzuela City



@valenzuelacity

